**The Mindanao Forum**, Vol XV1, No. 2 (December 2001)

# Ang Pambatang Panitikan

MARY ANN S. SANDOVAL

**Abstrak**

*Maikling pagtalakay tungkol sa pambatang panitikan ang nilalaman ng papel na ito. Sinilip dito ang landas na tinatahak ng isang mahalagang sangay ng panitikan na nangangailangan ng masusing pansin ng mga manunulat dahil sa epektong dala nito sa paghubog ng pagkatao ng mga bata.*

## Introduksyon

Sa tuwing mapag-uusapan ang panitikan, samu't saring usapin ang maaaring mabanggit. Karaniwan nang matapos itong talakayin ay naghahanap pa rin ng maraming paliwanag ang isang indibidwal kaugnay ng panitikan. Kung paanong may kani-kaniyang kahulugan ang bawat awtor sa panitikan, gayun pa rin lalong nadaragdagan ang matatamis na salitang lumalarawan dito. Paano nga ba mabibigyan ng tiyak na pag-unawa ang panitikan? Marahil, kung paanong ang buhay ng tao ay masalimuot at hindi madaling ipaliwanag, gayundin ang panitikan. Isang malinaw na katotohanan, ang panitikan ay buhay at ang buhay ay nasa panitikan.

Tula, awitin, salawikain, bugtong, at mga kwentong-bayan—ilan lamang ito sa bumubuo ng panitikan sa Pilipinas na hanggang sa kasalukuyan ay tinatangkilik ng bawat isa. Nag-iiba-iba nga lang ang istilo nito at nilalaman dahil na rin sa pagbabago ng panahon. Nagkakaroon ng impluwensya ang kapaligiran sa bawat panitikang nalilikha. Gayunpaman, ang panitikan ay nananatiling wika ng puso.

---

Nakapagtapos ng kursong AB Filipino si Prof. MARY ANN S. SANDOVAL sa MSU-IIT. Natapos niya ang MAEd Communication Arts sa Filipino sa Xavier University, Cagayan de Oro City. Nakapagturo siya sa Philippine Science High School -- Central Mindanao Campus bago siya naging miyembro ng Departmento ng Filipino at Ibang Wika, MSU-IIT. Sa kasalukuyan, kumukuha siya ng Ph.D. Filipino sa Universidad ng Pilipinas, Diliman, Quezon City bilang iskolar ng MSU-IIT.

Kung lilingunin sandali ang katutubong panahon, mapatutunayang bago pa man dumating sa kapuluan ang mga Kastila at maging ang iba pang dayuhan, ang mga ninuno ay may sarili nang panitikang nagtataglay ng kasaysayan ng lahi. Mapapansing karaniwan sa kanilang panitikan ay nagpapaliwanag tungkol sa isang penomena. Maaaring ang mga ito ay nabuo mula sa malikhaing imahinasyon ng mga ninuno dahil sa mga pagtatanong ng mga anak o maging ng sariling kuryosidad sa mga bagay-bagay. Ang pagkabuo ng mga panitikang ito ay nagpapatunay lamang na sila ay likas na malikhain at matatalino. Kabilang sa mga panitikang nabuo noon ay ang mga epiko, mito, alamat, kwentong-bayan, salawikain, sawikain, bugtong, palaisipan, tugmang-bayan at marami pang iba.

Ang mga katutubong panitikang ito ay hindi kailan man namatay. Bagkus, nagkaroon ito ng maraming varyasyon o pagbabago. Mga katutubong panitikan ang pinag-ugatan ng mga kilala ngayong nobela, sanaysay, maikling kwento, dula, tula, mga panitikang popular at marami pang iba. Ang pagbabago ng panitikan o mas angkop sabihing ang paglago nito ay bumabagay lamang sa pag-unlad ng tao sa mundo.

Noon ay wala pang tinatawag na panitikang pambata. Ayon nga kay Rivera (1982:1), walang pinagkaiba ang panitikan ng mga matatanda at bata noong unang panahon. Kung paanong tinatangkilik ng mga matatanda ang panitikan noon gayundin natutuwa ang mga bata rito. Sa isang artikulo ni Almario na pinamamagatang *Ang Panitikang Pambata sa Filipinas:Isang Pahapyaw na Kasaysayan,* binanggit niya na ang unang tugma marahil ay nilikha upang aliwin ang isang sanggol kaya kung tutuusin, kasintanda ng panitikan sa Pilipinas ang panitikang pambata.

Tinatawag na panitikang pambata and panitikan kung ito ay sadyang nilikha para sa bata. Maaaring basahin ito sa kanila o sila mismo ang bumasa nito. May bata man sa isang akda, hindi ito nangangahulugang pambata ang nasabing akda. Ito ang ikinamamali ng marami. Kadalasan kapag ang isang kwento halimbawa ay may bata sa tauhan, itinuturing na itong pambata. Ayon kay Pineda (Rivera, 1982:iii) sa kanyang paunang salita sa aklat ni Rivera, maaaring bata ang gumaganap na papel, ngunit ang istorya ay hindi pambata. Nangangahulugan lamang na ang panitikang pambata ay panitikang akma sa hilig at panlasa ng mga bata. Ang panitikan ding ito ay angkop sa pag-iisip at sakop ng karanasan ng isang bata. Kung lalagpas dito, mabibigyan ng kalituhan ang isang bata na maaaring maging dahilan ng hindi niya lalong pag-unawa sa mga bagay-bagay.

## Epekto ng Panitikan sa Bata

*Si Haraya, anghel na nagdudulot ng mga kuwento sa mga bata,ay ipinagpalagay na pinakatamad sa lahat ng kawaksi ng Diyos. Madalas siyang nakikitang nakahiga lamang sa isang*

*makapal na balumbon ng ulap habang nakatingala sa uniberso at ngumunguya ng sariwang damo.*

*Marami sa kanyang mga kasamahang anghel ang umiismid at nangungutya dahil sa kanyang pagtutunganga, pakikipagdaldalan at paglinga-linga sa paligid. Dahil dito naisip nilang magpetisyon sa Manlilikha.*

*Isang araw nga ay idinaos ang isang paglilitis para sa anghel na walang pakinabang, iyon nga si Haraya. Tinanong siya ng tagausig kung bakit lagi siyang nakahiga at walang ginagawa.*

*"Hindi totoong wala akong ginagawa. Bawat sandali ay abala ako. Walang oras na hindi ako humahabi ng salaysay, o kaya'y bumubuo ng mga tauhan, nagsasalansan ng mga pangyayari, naghahanap ng mga angkop na tunog at salita, at kung anu-ano pa, para makagawa ng mga kuwentong magbibigay ng lugod at sari-saring kaalaman sa mga bata!" ang madamdaming paliwanag ni Haraya.*

*Sa kabila ng mga paliwanag na ito ay marami pa rin ang umismid. Hiniling na lamang ni Haraya na bigyan siya ng ibang tungkulin at kaagad namang tumulong siya sa pagtatanim ng palay. Nagpagod siya at nagpawis sa kanyang bagong katungkulan at wala nang nagpatuloy ng kanyang dating gawain.*

*Napansin ng Manlilikha, sampu ng iba pang anghel na mula nang iwan ni Haraya ang kanyang tungkulin, lumatag ang kalungkutan sa mga bata sa daigdig. Nabura ang mga ngiti sa kanilang labi at nanlabo ang ningning ng kanilang mga mata. Ang buong mundo ay nalambungan ng kumot na luksa nang ang mga bata ay nawalan ng kuwento.*

Hango sa kwento ni Rene O. Villanueva
*Hindi Hulog ng Langit ang Kwentong Pambata*

Hindi marahil magiging mahirap sabihin na malaki ang epekto ng panitikang pambata sa mga bata. Dito nagsimulang malamanan ang isipan ng mga musmos mula nang marinig nila ang matimyas na tinig ng kanilang ina habang sila ay

pinatutulog. Ang awiting ito, o mas kilala sa tawag na oyayi ang naging mga unang kabahagi na ng mga bata kasabay ng kanilang paglaki.

Nang unti-unting matutong magsalita at itanong sa magulang "*Tan po gaying ang bata?*" una nilang narinig ang iba't ibang kuwento para ipaliwanag ang bagay na ito. Mababanggit ang mga salaysay tungkol sa pinagmulan ng tao, sina Adan at Eba mula sa Biblia, ang mito ni Malakas at Maganda, ang tungkol sa tatlong beses na pagluluto ni Bathala sa Alamat ng Lahi at marami pang iba na siyang pinaniwalaan nila nang maraming panahon sa kanilang buhay.

Ang unang palong naranasan nila ay kasabay ng pagkakarinig nila ng mga salawikain, kasabihan at iba pang mga karunungang siyang naging pundasyon ng kanilang prinsipyo sa buhay. Sinabayan din ng mga tugma ang kanilang mga paglalaro. Naiiyak sila nang marinig ang mga mapanuksong tugma at natuto ring sumagot ng *Sumbong, sumbong, haba tumbong!!!*

Natuto siyang magbilang. Nakilala niya ang iba't ibang uri ng hayop, halaman, lugar at marami pang iba sa pamamagitan ng awit. Anupa't walang sandaling di naging kapiling ng bata ang panitikan. May tututol kaya sa katotohanang ito? Hindi matatawaran ang naidudulot ng panitikan sa isip, sa puso at sa asal ng mga bata. Natuto sila, natuwa, umibig sa magulang, sa kapatid at sa kapwa, dahil ito sa panitikan. Ngunit dahil rin sa panitikan, maaari silang maligaw o malito, malungkot o umiyak, at magalit sa kapwa.

Isang programa sa GMA-7, ang "Batibot" na pumailanlang sa telebisyon noong dekada '80 hanggang '90. Nagbibigay sila sa programang ito ng iba't ibang impormasyong pang-agham, pangmatematika at siyempre pa, pampanitikan. Ang programang ito ay sadyang binuo para sa mga batang manonood. Sabihin pa, anumang pinapaksa dito ay tunay ngang pambata. Bahagi ng programang ito ang pagsasalaysay ng mga kwentong pambata.

Disyembre, 1998, ay may isinalaysay si Kuya Bodjie (isang karakter sa nasabing programa na tagapagsalaysay sa segment ng "Mga Kwento ni Kuya Bodjie) sa mga manonood. "Ang Batang Ayaw Dumilat" ang pamagat ng nasabing kwento. Tungkol ito sa isang batang nagngangalang Tina na laging naiiwan ng kanyang mga magulang sa kanilang bahay kasama ang kanyang tiyuhin. Sa tuwing aalis ang mga magulang ay iyak nang iyak ang bata. Dumating and isang umaga na ayaw nang dumilat ang bata. Kahit anong gawin ng magulang niya ay ayaw na ayaw niyang dumilat. Takot na takot din ang mga magulang ng bata hanggang ang kwento ay umabot sa komprontasyon ng bata at ng magulang at doon ay nalaman nila ang dahilan ng pagkatakot ng bata. "Hinahawakan" ng tiyuhin ng bata ang mga maseselang bahagi ng kanyang katawan. Naikulong ang tiyuhin at doon at muling dumilat ang bata. Sa kabuuan, may bahid sekswal ang naging tema ng kwento.

Maselan ang paksang ginamit ng nasabing kwento. Sa isang batang walang ganitong karanasan at hindi mulat sa mga ganitong pangyayari ay mahihirapang

unawain ang paksang ito lalo na't sangkot ang isang kamag-anak. Ngunit hindi rin naman maitatatwa na ang ganitong pangyayari ay nagaganap sa lipunan. Maaaring maganda ang layunin ng Batibot sa pagsasaere ng kwentong ito. Kapakanan ng kanilang manonood ang kanilang binibigyan ng halaga sa panahong laganap ang ganitong uri ng krimen. Layunin nila marahil na ibahagi sa bata ang kaalamang dapat silang magsalita kung mayroon silang problema. Ganito ang magiging dating ng kwento sa mga bata.

Ngunit ilang panahon matapos maisalaysay ang nasabing kwento, isang magulang ang sumulat kay Art Borjal sa Philippine Star ukol sa nasabing kwento. Naging paksa rin ito ng kolum ni Rina-Jimenez David sa Philipine Daily Inquirer at na-feature ito sa programang Saksi. Isang kalituhan ang naidulot nito sa bata ayon sa nagreklamong magulang. Binatikos ang pagsasaere ng nasabing kwento sa dahilang hindi naging mabuti and naidulot nito sa murang pag-iisip ng mga bata.

Makikita sa pangyayaring ito kung ano ang naidudulot ng akda sa mga manonood. Hindi maganda ang tanggap ng nagreklamong magulang sa kwentong nabanggit para sa kanyang sariling anak. Dagdag pa niya ang kung paanong malalaman ng bata kung ang isang hipo ay mabuti o masama. Ang bata naman bilang benefaktor ng kwento ay maaaring magkaroon ng kalituhan na lalong magpapagulo sa murang isipan nito sa isang maselang bagay. Ngunit maaari rin namang maging dahilan ito ng pagkamulat niya sa mga pangyayari sa kanyang paligid. Sa takbo ng kwento ay maiuugnay ng bata ang kanyang sariling karanasan lalo na't bata ring katulad niya ang tauhan ng kwento. Dito papasok ang ugnayan ng manonood at ng kanyang pinanonood. Na sa kanyang pananaw papasok ang isiping hindi pala komo tiyuhin niya ay mabait. Sa punto naman ng magulang ang naging epekto nito ay walang pagtitiwalang pakikitungo ng bata sa ibang tao o kahit pa sa sariling kamag-anak.

Ipinakikita lamang sa pangyayaring nabanggit ang maaaring maidulot ng panitikan sa pagkatao ng bata. Marami ang nag-iisip na ang paglikha ng panitikan para sa mga bata ay isang madaling gawain. Kung paanong ang panitikan ay naglalaman ng buhay, ang buhay na nasa panitikan ay tumatagos hanggang sa sinumang bumabasa o nakikinig nito.

**Ang Pagsulat ng Panitikan para sa Bata**

Paglikha ng panitikan para sa bata. Tila ba isang simpleng gawain. Kung iisiping para sa bata lamang ang akda, ano nga ba ang mahirap? Ngunit sadya nga kayang madali ang pagsulat ng panitikan para sa mga bata? Ayon kay Wyndham (1980:2), bago maging isang matagumpay na manunulat ng mga kwentong pambata

ay kailangan munang may sapat na kaalaman tungkol sa bata at kagustuhan o pagmamahal sa kanila. Dagdag pa rito sinabi niyang:

> *Writing for young people is a great responsibility, because their minds are impressionable and what they read can affect not only their current lives but their future ones as well. Writing for them should be approachable with a serious regard for the possible influence of your words. Do not plan to write for children because you think it is easy, or writing does not need to be as good as that in books for adults* (1980:3).

Mahalaga samakatuwid ang malaman ang lahat-lahat tungkol sa bata. Totoo nga't lahat ay dumaan sa pagkabata ngunit sa pagdaan ng panahon ay naiiba ang takbo ng buhay. Maaaring ang mga pangyayari sa buhay ng isang manunulat noong bata pa siya ay hindi na katulad ng buhay ng mga kasalukuyang batang susulatan niya. Dahil dito, kailangan ang masusing pagsubaybay sa mga kalakaran ng bagong henerasyon. Hindi rin marahil maisasantabi ang kahalagahan ng tinatawag na *child psychology*. Bilang manunulat ay mahalagang kilalanin nang mabuti ang kanyang mambabasa at hindi umasa lamang sa sarili niyang pananaw.

Ayon kay Villanueva (2003), ang akda para sa mga batang mambabasa ay nagmumula sa kultura ng bata at kabataan. Ang kultura ay tumutukoy sa mga bagay, karanasan, tao at pangyayari o konsepto na may direktang kaugnayan sa bawat indibidwal na bata. May kinalaman ito sa kanilang interes at pangangailangan sa paglaki. Tumutukoy din ito sa kasaysayan at tradisyong may kinalaman kung paano lumalaki at umuunlad ang mga bata sa iba't ibang lugar.

Higit pa sa pagtunganga sa papel, pagkakamot ng ulo, paglamukos ng mga papel at paghawak ng panulat ang responsibilidad ng isang manunulat ng panitikang pambata. Kailangan niyang tumayo mula sa kanyang kinauupuan bago pa man magplanong sumulat. Ang paglikha ay sa pamamagitan ng pagmamasid sa paligid lalong higit sa mundong ginagalawan ng mga bata na siyang gagawan niya ng akda. Binubuo ang panitikang pambata mula sa pagbibigay-aliw sa kanila hanggang sa pagpapamulat ng mga kaisipang kailangan nila sa kanilang paglaki.

**Isang Hamon sa mga Manunulat**

Malaki ang impluwensya ng tao sa panitikan at gayundin ng panitikan sa tao. Ang mga dalubhasa sa pag-aaral ng panitikan ay nagsasabing ito ay repleksyon ng buhay. Ang pagiging repleksyon na ito ng panitikan sa buhay ay nakatutulong sa lahat na makita ang ibang karanasan na siyang huhubog sa pagkatao ng bawat isa. Sapagkat ito ay buhay, may natatangi itong pwersa na magtutulak sa lipunan tungo sa tamang galaw sa buhay. Nagtuturo ito sa tao ng katarungan at tamang

pangangatwiran. Dagdag pa rito, tinukoy ni Ramos (1984:1) na *ang panitikan ay isang ilaw na walang kamatayang tumatanglaw sa kabihasnan ng tao.*

Bahagi ng lipunan ang mga bata, samakatuwid nangangailangan din silang tanglawan ng liwanag ng panitikang huhubog sa kanilang pagkato. Ngunit sa kasamaang-palad, ayon kay Pineda, (Rivera, 1982:iii), "ang panitikang pambata ay isang larangang napapabayaan ng ating manunulat." Sa sinabing ito ni Pineda, nararapat lamang na magsagawa ng mga hakbangin na magpapatuloy sa pag-unlad ng pambatang panitikan.

Mapapansing isang malaking pangangailangan ang pambatang panitikan sa bansa maging sa mga paaralan. Kulang sila hindi lamang sa mga kwentong pambata, kundi sa mga tula at awiting pambata, mga dulang pambata at mga sanaysay na pambata. Ang mga ganitong uri ng kakulangan ay maituturing na pagkukulang na rin ng ating mga manunulat na hindi bumababa sa antas ng pangangailangan ng bata upang pasimulan ang pagpapahalaga sa panitikan sa murang edad pa lamang ng isang tao. Bukod sa mga teksbuk ano pa kaya ang maaaring hawakan ng isang batang uhaw sa kaalaman? Malilipat lamang ang kanyang pansin sa mga babasahing hindi pa karapat-dapat sa kanyang murang isipan hanggang sa dumating ang punto ng pagkabagot at kawalan ng gana sa pagbabasa. Nasasayang ang panahon ng kusa nilang pagsasaliksik at pag-alam ng mga dapat nilang matutunan sa kanilang edad.

Isang obserbasyon din na ang mga batang may kaya ay nagkakaroon ng pagkakataon na makaangkin ng mga *storybooks* na naglalaman ng kulturang kanluranin. Dahil dito, sa halip na makilala ng isang bata ang kanyang pagka-Pilipino, higit niyang kilala ang mga prinsesa at prinsipe sa iba't ibang kaharian ng *far, far away.* Hindi kaya dito nagmula ang mga pagtataas nila ng kilay at pagtingin nang mababa sa mahihirap nang sila'y nagsilaki na? Samantala, ang mga batang mahihirap naman ay nagtitiis sa mga mumurahing komiks at pinaglumaang libro na madalas ay kulang pa ang mga pahina, kaya tuloy nabibitin ang mga kaisipang dapat sana ay nakukuha nila.

Sa madaling salita, tinatawagan ng pansin ng papel na ito ang mga manunulat na may malasakit sa paghubog ng mga bata sa kasalukuyan at sa darating pa. Bagamat hindi isinasawalang-bahala ang mga naitutulong ng iba't ibang samahan upang isulong at buhayin ang panitikang ito tulad ng Pamana, Inc., Children's Literature Association, Inc.(CLAPI), Aklat Adarna, Tahanan Books, Lampara at iba pa na naglalathala ng iba't ibang aklat pambata, ang mga samahang nabanggit ay hindi rin magiging matagumpay kung walang mga indibidwal na magmamalasakit at susulat ng mga akda para sa mga bata.

Mabilis ang pag-unlad ng lipunan. Dahil sa bilis na ito, ang panitikan ay nakikipagsabayan sa pag-imbulog ng kaunlaran (Rivera, 1982: iii). Kasama sa pagsulong na ito ay ang pinapaksang-uri ng panitikan. Ang pag-uukol ng higit na

kalinga sa panitikang pambata ng mga manunulat ay nagdudulot ng mabuting pananaw sa darating na panahon. Tinutungo nito ang henerasyon ng pagiging palabasa, mulat, mapanuri at handang tumanggap ng hamon ng bukas.

Makulay na bahagi ng buhay ng tao ang kanyang pagkabata. Sa panahong ito, ang mga unang kaalaman na papasok sa kanyang malinis na puso't isipan ay pawang bago na siyang titimo hanggang sa kanyang pagtanda. Hindi kaya isang karangalan sa manunulat na maging bahagi siya ng paghubog ng susunod na henerasyon?

## Bibliograpi

Almario, Virgilio S. **Ang Panitikang Pambata sa Filipinas: Isang Pahapyaw na Kasaysayan.** *www.geocities.com/icasocot2/almario_pambata.html*

Davis, Robert at Ronald Schieifer. 1986. **Contemporary Literary Criticism: Literary and Cultural Study.** New York: Longman.

Lachica, Veneranda S. 1996. **Literaturang Filipino.** Pasig City: Academic Publishing Corporation.

Landicho, Domingo G. 1983. **Manwal sa Pagsulat at Pag-aaral ng Maikling Kwento.** Quezon City: Rex Printing Company, Inc.

Ramos, Maria, et. al. 1984. **Panitikang Pilipino.** Quezon City: Philippine Rex Book Publisher.

Rivera, Crisanto. 1995. **Panitikang Pambata.** Manila: Rex Publishing Co., Inc.

Villanueva, Rene O. 2003. **Hindi Hulog ng Langit ang Kuwentong Pambata!** *www.geocities.com/icasocot2/villanueva_pambata.html*

Wyndham, Lee. 1980. **Writing for Children and Teenagers.** Cincinnati, Ohio: Writer's Digest Books.